# Mga Sagot sa Karaniwang Tanong
# Ukol sa PDIC Closed Bank Loan Incentive Program 2.0 (CLIP 2.0)
# (Para sa mga Bangkong Isinara sa Taong 2022 at Mas Maaga Pa)

**1. Ano ang PDIC Closed Bank Loan Incentive (Program CLIP) 2.0 at tungkol saan ito?**

Ang CLIP 2.0 ay isang incentive program na idinesenyo para mahikayat ang mga borrower ng mga bangkong ipinasara ng Monetary Board ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na bayaran ang kanilang mga pagkakautang. Nagbibigay ang programa ng mga insentibo sa mga borrower ng ipinasarang bangko para agad silang makabayad ng kanilang mga utang at mapanatili nila ang kanilang maayos na credit standing. Ang mga insentibo ay kinapapalooban ng pagbabawas ng kabuuang utang na dapat bayaran ng borrower na nakadepende sa uri ng utang (secured o clean) at kung kailan naipasara ang bangko. Layunin din ng CLIP 2.0 na mapalaki ang recovery mula sa pag-liquidate ng mga ari-arian ng mga ipinasarang bangko para mapataas ang tsansa na mabayaran ang mga creditor o mga pinagkakautangan ng mga ipinasarang bangko, at mga uninsured depositor.

**2. Anu-ano ang mga insentibo sa ilalim ng CLIP 2.0?**

Para sa borrowers ng mga bangkong isinara sa taong 2022 at mas maaga pa, ang mga insentibo ay ang mga sumusunod:

- Para sa Unencumbered Clean Loans: 30% na discount o bawas sa outstanding principal at booked interest at iba pang charges, kung meron man, at full waiver o lubos na pagpatawad ng unbooked interest at penalty charges

- Para sa Unencumbered Secured Loans: Pagbaba ng interest rate ng unbooked interest sa principal amount sa 5% kada taon na lamang at full waiver o lubos na pagpatawad ng unbooked penalty charges.

**3. Ano ang ibig sabihin ng "unencumbered clean loans"?**

Ito ay ang mga loan o utang na walang collateral at hindi nakasangla sa mga pinagkakautangan ng nagsarang bangko tulad ng BSP, Land Bank of the Philippines (LBP), at iba pang creditors.

**4. Ano ang ibig sabihin ng "unencumbered secured loans"?**

Ito naman ay ang mga loans na may collateral tulad ng bahay, lupa, sasakyan at iba pa, at hindi nakasangla sa mga pinagkakautangan ng nagsarang bangko tulad ng BSP, LBP, at iba pang creditors.

**5. Ano ang ibig sabihin ng "outstanding principal"?**

Ang "principal" ang orihinal na halaga ng iyong loan, o kung magkano ang iyong inutang mula sa nagsarang bangko. Ang "outstanding principal" naman ay ang hindi pa bayad (unpaid portion) na bahagi ng iyong principal. Hindi kasama sa "outstanding principal" ang booked/unbooked interest at iba pang bayarin o charges.

6. **Ano ang ibig sabihin ng "outstanding loan"?**

   Ito ay tumutukoy sa kabuuang halaga ng iyong outstanding principal balance at booked/unbooked interest, penalties, at charges.

7. **Ano ang ibig sabihin ng "booked and unbooked interest, penalties and charges"?**

   Ang "booked interest, penalties and other charges" ay iyong mga naka-record na sa libro ng nagsarang bangko. Ang "unbooked interest, penalties, and other charges" naman ay iyong mga hindi pa na-record sa libro ng bangko ngunit kailangang bayaran ng borrower bilang bahagi ng utang niya.

8. **Ano ang cut-off date o petsa ng mga "booked" ang mga interest, penalties, at charges?**

   Ito ay ang petsa kung kailan huling kinuwenta at ni-record sa libro ng nagsarang bangko ang interest, penalties, at charges sa utang ng borrower.

9. **Ano ang ibig sabihin ng "per annum"?**

   Ang ibig sabihin nito ay "kada taon". Halimbawa: ang interest rate na 5% per annum ay 5% kada taon.

10. **Ano ang ibig sabihin ng "full waiver" ng unbooked interest, penalties at charges?**

    Ito ay ang lubos na pagpapatawad sa unbooked interest, penalties, at charges ng isang utang. Sa madaling salita, kapag may "full waiver", hindi na kailangang bayaran ang mga ito.

11. **Paano ko malalaman kung ang aking utang sa nagsarang bangko ay unencumbered clean o unencumbered secured?**

    Maaaring makipag-ugnayan sa PDIC sa pamamagitan ng mga sumusunod:

    - Pagtawag sa PDIC Public Assistance hotline na 8841-4141 (Metro Manila) o sa PDIC toll-free number na 1-800-1-888-7342 (kung nasa labas ng Metro Manila). Ang pagtanggap ng mga tawag ay mula Lunes hanggang Biyernes, maliban kung holiday; tuwing office hours, o 8:00 A.M. hanggang 5:00 P.M.

    - Pagpapadala ng e-mail sa clip-pad@pdic.gov.ph

    - Pagpapadala ng private message sa PDIC official Facebook page na www.facebook.com/OfficialPDIC

    - Pagbisita sa PDIC Public Assistance Center (PAC)[1] sa 3/F SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A Rufino St., Makati City.

[1] Lubos na hinihikayat ng PDIC ang pag-set ng appointment bago magtungo sa PAC. Para mag-set ng appointment, tawagan ang PDIC Public Assistance Hotline habang office hours sa (02) 8841-4141 (kung tatawag mula sa Metro Manila) o sa Toll-Free number na 1-800-1-888-7342

12. **Maaari ba akong mag-avail ng CLIP 2.0 kahit gaano kalaki ang aking outstanding principal balance?**

    Hindi. Mga borrower lamang na hindi lalagpas sa ₱5.0 milyon ang outstanding principal balance ang maaaring mag-avail ng mga insentibo sa ilalim ng CLIP 2.0.

13. **Mayroon akong deposit at loan sa nagsarang bangko. Sa ilalim ng CLIP 2.0, maaari ko bang gamiting pambayad ng loan ang aking deposit?**

    Oo, subalit ang ang mga insentibo ng CLIP 2.0 ay mag-a-apply lamang sa matitirang outstanding balance matapos ibawas o i-offset ang iyong deposit. Halimbawa: Mayroon kang deposit na ₱200,000 at outstanding loan balance na ₱300,000. Matapos ang offsetting, magiging ₱100,000 na lang ang iyong outstanding loan balance. Sa natirang halagang ₱100,000 mag-a-apply ang mga insentibo ng CLIP 2.0.

14. **Mayroon akong dalawang loan accounts sa nagsarang bangko, ang isa ay secured ng real estate mortgage at ang isa naman ay unsecured, na may kabuuan na outstanding principal balance na mas mataas sa ₱5.0 milyon. Ako ba ay eligible pa rin para sa mga insentibo ng CLIP 2.0?**

    Oo, eligible ka pa rin. Ang limit na ₱5.0 milyon para sa outstanding principal balance ay magkahiwalay para sa unencumbered secured at unencumbered clean loans. Ibig sabihin, maaari kang mag-avail ng CLIP 2.0 para sa iyong unencumbered clean at unencumbered secured loans na hindi hihigit ang outstanding principal balances sa ₱5.0 milyon bawat isa.

15. **Kung ako ay mayroong dalawang unencumbered loans sa nagsarang bangko, isang secured at isang clean, maaari bang mag-avail ng mga insentibo mula sa CLIP 2.0 para lamang sa secured na pagkakautang? Maaari ko bang makuha ang collateral/mortgaged property at cancellation of mortgage matapos kong mabayaran ang nasabing unencumbered secured loan?**

    Hindi. Kailangan mo munang bayaran ang lahat ng iyong loan accounts (unencumbered clean at unencumbered secured) sa isinarang bangko para makuha mo ang iyong collateral/mortgaged property at ang cancellation of mortgage nito.

16. **Maaari ba akong mag-avail ng programa sa pamamagitan ng installment payments?**

    Hindi. Ang pag-avail ng CLIP 2.0 ay sa pamamagitan ng one-time cash payment/settlement lamang.

17. **Hanggang kailan maaaring mag-avail ng CLIP 2.0?**

    Maaaring i-avail ang CLIP 2.0 hanggang 31 Disyembre 2024.

---

habang office hours (kung tatawag mula sa labas ng Metro Manila), magpadala ng e-mail sa pad@pdic.gov.ph, o mag private message sa official Facebook page ng PDIC na www.facebook.com/OfficialPDIC.

**18. Paano magbayad ng aking utang sa nagsarang bangko?**

- Personal na pagbabayad sa PDIC PAC[1] sa 3/F SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A Rufino St., Makati City.

- Pagbabayad sa alinmang branch ng Philippine National Bank (PNB). Gamit and PNB Payment Slip, isulat ang mga sumusunod na impormasyon:

  Company Name: **PDIC BURL – Name of Closed Bank**
  Account Reference No. [**Ang iyong Loan Account No. sa nagsarang bangko**]
  Payor's Name: [**Pangalan ng Borrower**]

- Online payment gamit ang **Landbank Link.Biz Portal** sa www.landbank.com.

**19. Paano ko malalaman kung magkano ang aking updated na loan balance sa nagsarang bangko?**

Maaari kang humingi ng updated na Statement of Account (SOA) sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagtawag sa PDIC Public Assistance hotline na 8841-4141 (Metro Manila) o sa PDIC toll-free number na 1-800-1-888-7342 (kung nasa labas ng Metro Manila). Ang pagtanggap ng mga tawag ay mula Lunes hanggang Biyernes, maliban kung holiday; tuwing office hours, o 8:00 A.M. hanggang 5:00 P.M.

- Pagpapadala ng e-mail sa clip-pad@pdic.gov.ph

- Pagpapadala ng private message sa PDIC official Facebook page na www.facebook.com/OfficialPDIC

- Pagbisita sa PDIC PAC[1] sa 3/F SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A Rufino St., Makati City.

**20. Ano ang mangyayari kapag hindi ko nabayaran ang aking utang sa nagsarang bangko?**

Maaaring malagay sa alanganin ang kakayanan mong makahiram ulit ng pera sa ibang bangko o financial institution. Maaari silang makakuha ng impormasyon sa iyong hindi pa nababayarang utang kung ang bangko o financial institution ay magsasagawa ng credit investigation para ma-verify ang iyong pagkakilanlan at kakayanang magbayad. Dahil sa negative record na ito, malamang na hindi ma-aprubahan ang iyong loan o financing application.

Bukod dito, hindi maka-kansela ang mortgage o pagkaka-sangla ng ari-arian mong ginamit na collateral sa isang secured loan. At kapag narematа ito, tuluyan nang mawawala ang pag-aari mo dito.

**21. Bakit kailangan kong bayaran ang aking loan sa nagsarang bangko? Kung tutuusin, ito naman ay sarado na.**

Ang pagpapasara ng bangko ay hindi nagpapawalang-bisa sa iyong utang. Bukod dito, mayroon pang apat (4) na mahahalagang dahilan para bayaran mo ito.

***Una***, ang pagbabayad nito ay makatutulong sa mga creditor ng bangko o mga tao at negosyong nagpautang dito. Kabilang sa kanila ang mga supplier, service provider, at depositors na may uninsured deposits (labis sa ₱500,000 na maximum deposit insurance coverage). Ang mga bayad mula sa borrowers ay isa sa mga pinagkukunan ng pambayad para sa mga claim ng creditors ng nagsarang bangko.

***Pangalawa***, hindi mo maaaring makuha o akuin ang complete ownership sa ari-ariang ginamit mo bilang collateral sa isang secured loan. Hangga't hindi mo lubusang nababayaran ang iyong utang, hindi maka-cancel ang mortgage nito. Bukod pa dyan, maaari ring tuluyang mawala o mapawalang-bisa ang pag-aari mo sa nasabing ari-arian kapag ito ay maremata (foreclosed).

***Pangatlo***, hindi ka makaka-utang mula sa mga bangko o iba pang mga financial institution kapag nangailangan ka ng pera. Sa credit investigation na isinasagawa ng mga bangko at financial institution, malalaman nila na mayroon kang hindi kanais-nais na credit record ng hindi pagbabayad ng utang. Dahil dito, hindi ka nila pahihiramin ng pera.

***At panghuli,*** ang pagbabayad ng utang ay nararapat at marangal. Lahat ng hinihiram ay dapat isauli sa may ari. Ang utang ay perang hiram lamang at dapat ibalik o bayaran ayon sa kasunduan.

**22. Ang aking tirahan ay malayo sa opisina ng PDIC. Paano ako makaka-avail ng PDIC-CLIP 2.0 nang hindi na kinakailangang pumunta pa roon?**

Para sa mga katanungan o request para sa iyong latest Statement of Account (SOA), maaaring makipag-ugnayan sa PDIC sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagtawag sa PDIC Public Assistance hotline na 8841-4141 (Metro Manila) o sa PDIC toll-free number na 1-800-1-888-7342 (kung nasa labas ng Metro Manila). Ang pagtanggap ng mga tawag ay mula Lunes hanggang Biyernes, maliban kung holiday; tuwing office hours, o 8:00 A.M. hanggang 5:00 P.M.

- Pagpapadala ng e-mail sa clip-pad@pdic.gov.ph

- Pagpapadala ng private message sa PDIC official Facebook page na www.facebook.com/OfficialPDIC

- Pagbisita sa PDIC PAC[1] sa 3/F SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A Rufino St., Makati City.